

Wikakulyan: Wika, Kultura, At Ugnayang Panlipunan Bilang Teorya Sa Varayti Ng Tagalog – Laguna

Imelda G. Carada

PhD, Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus

Abstract

This study was conducted to determine the variability of language used in different cities in Laguna province, namely Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Sta Cruz, Siniloan, and Majayjay. The differences in use of language are caused by the heterogenous nature of language. Likewise, the numerous ethnic groups in the Philippines resulting to varied ethnic language caused these changes and variabilities in the use and definition of words. Hence, the researcher aimed to collect different terms used in different cities in Laguna. Then, those words were treated using descriptive qualitative method to analyze its variation from one another. Finally, create a theory about language variation. Moreover, the researcher was able to developed a theory explaining language variability in Tagalog based on people's tradition, products and livelihood, and way of living. The theory was called as WIKAKULYAN, which signified the combination of three Filipino words: "wika, kultura at ugnayang panlipunan". In total there were 355 words that were collected and analyzed. These words are the commonly used terms in Laguna which represents their way of living. With this study, the researcher recommends to enrich the relationship of culture and language. Furthermore, there should be programs that would improve the use of language on representing people's way of living.

Keywords: language, variation, culture

Abstrak

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang maunawaan ang varyabilidad ng mga wika mula sa iba't ibang bayan ng Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Sta Cruz, Siniloan, at Majayjay sa lalawigan ng Laguna. Lingid sa ating kaalaman, ang Pilipinas bilang isang arkipelagong bansa ay binubuo ng 7,641 na mga isla na tinitirahan halos 175 na pangkat-etniko, na siya ring kumakatawan sa bilang ng etnolinguistiko ng bansa. Sumakatuwid, natural na katangian o penomenon ang pagkakaiba-iba ng varayti ng wika. Ang pagkakaroon ng varyasyon o pagkakaiba ng isang wika ay katangiang heterogenous ng wika. Upang lubos maunawaan ang pagkakaiba-iba ng wikang sinasalita ang mananaliksik ay nakabuo ng teoryang **WIKAKULYAN**, na kinapapalooban ng wika, kultura at ugnayang panlipunan. Ginamit ang palarawang pananaliksik o deskriptiv na paraan bilang disensyo ng pag-aaral upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral na mailarawan at masuri ang leksikal na varayti ng Tagalog-Laguna sa ilang piling lugar sa lalawigan ng Laguna. Mula rito nabuo ang Teoryang WIKAKULYAN, na naging batayan upang matukoy ang varayti ng wikang Tagalog sa Laguna batay o ayon sa kaugalian o tradisyon, produkto/gawain sa bawat lugar, at paraan ng pamumuhay. Sa kabuuan, ang kalipunan ng 355 ng mga salitang nalikom ay

mula sa iba't ibang leksikal ay umiikot sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nais isulong ng mananaliksing magkaroon ng pagpapayaman ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayan. Mahalagang magkaroon din ng mga proyektong pambayan at panlungsod upang malinang ang mayamang wika at kultura ng bawat bayan.

1. Panimula

Ang Pilipinas bilang isang arkipelagong bansa ay binubuo ng 7,641 na mga isla na tinitirahan ng 104, 256, 076 katao na bumubuo ng halos 175 na pangkat-etniko, na sya ring kumakatawan sa bilang ng etnolinguistikong bansa, na hindi naman nalalayo sa humit-kumulang na 135 language na binigay na datos ayon sa ulat ng Komisyon ng Wikang Filipino (Atlas Filipinas, 2016). Ang mga katutubong wika sa Pilipinas ay napapaloob sa pamilya ng mga wika na kung tawagin ay mga wikang Austronesyo. Ang mga ito ay ang pangkat ng mga wika na ginagamit ng mga tao mula sa Tangway ng Malay hanggang sa mga watak-watak na pulo ng teritoryong Polynesia sa karagatang Pasipiko. Tinatayang ito ang may pinakamalaking pamilya ng mga wika sa buong daigdig. Ngunit mas maraming wika ang kasapi ng pamilyang ito, maliliit lamang ang bilang ng pangkalahatan ng mga taong gumagamit nito.

Bukod sa mga katutubong wika ng bansa, sinasalita rin ang mga wikang banyaga tulad ng Ingles, Mandarin, Fookien, Cantonese, Koreano, Kastila o Espanyol, at Arabe (Ethnologue: Languages of Philippines, 2018). Kapansin-pansin ang napakaraming wikang ginagamit sa bansa mula sa katutubong wika nito hanggang sa iba pang banyagang wika na ginagamit dito, dahil dito magiging patuloy ang pagyaman ng wikang Filipino na maaring maging sanhi ng di pagkakaunawaan ng mga mamamayan.

Naging hangarin ng mga tagaplano ng wika sa pamamagitan ng Konstitusyon ng 1973 at 1987 na magpasyang bumuo ng isang wikang pambansang magsisilbing tulay sa pagitan ng mga Pilipinong may sari-sariling katutubong wika. Pinili nito ang Filipino ayon sa konseptong batay ito sa lahat ng wika sa Pilipinas kasama ang Ingles at Espanyol. Nakaangkla ito sa ideya ng pagiging lingua franca. Sa paggamit ng lingua franca ng isang Pilipino, malaki ang magiging impluwensiya ng una niyang wika rito. Sa ganito, nabubuo ang varayti ng Filipino batay sa linggwistika /heograpikong dimensyon. Kaya may Cebuano-Filipino, Ilokano-Filipino, Tagalog – Filipino at iba pang varayti ng Filipino.

Ang varayti ng wika ay isang maliit na grupo ng pormal o makabuluhang katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyal-sitwasyonal. Hinati ni Catford na binanggit sa aklat ni Peregrino (2002) ang varayti ng wika sa dalawang malalaking uri. Una, ang humigit kumulang ay permanente para sa tagapagsalita o tagabasa (performer) at ikalawa, ang humigit kumulang ay pansamantala dahil nagbabago kung may pagbabago sa sitwasyon ng pahayag.

Ang mga varayting permanente ay binubuo ng idyolek at dayalek. Idyolek ang varayti ng wikang kaugnay sa personal na kakayahan ng tagapagsalita. Ito ang varayti ng wikang ginagamit ng partikular na indibidwal. Ang mga tanda ng idyolek ay maaaring idyosinkratiko, nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng katangian ng isang taong nagsasalita ng kanyang partikular na bokabularyo na maaaring tingnan o isangkot ang heograpikal o sosyal na katangian ng isang nagsasalita. Ayon kay Catford, na binanggit sa aklat ni Peregrino (2002) permenante na humigit-kumulang ito sa isang taong may sapat ng gulang. Dayalekto naman yaong varayting batay sa lugar, panahon at katayuan sa buhay. Kaya may tinatawag na diyalektong heograpiko, diyalektong temporal, at diyalektong sosyal. Ito ang varayti ng wika na nakikita sa pormal o sustantibong katangiang kaugnay ng pinanggagalingan ng tagapagsalita o grupo ng tagapagsalita sa isa o tatlong dimensyon, espasyo, panahon, at katangiang sosyal.

Batay sa dami at porsyento ng populasyon sa Pilipinas na gumagamit, nagsasalita at nakakaunawa sa

Filipino, itinuturing na pangunahing wikang katutubo ang Tagalog, Ilokano, Pangasinan, Kapampangan, Bicol, Waray o Samar-Leyte, Cebuano, Hiligaynon o Ilongo, Maranaw, Tausug, at Maguindanao. Halos lahat ng mga wikang ito'y may mga diyalektong gaya ng Tagalog (Tagalog-Rizal, Tagalog-Bulacan, Tagalog-Batangas, Tagalog-Marinduque, Tagalog-Cavite atb.), Hiligaynon (Aklanon, Kiniray-a, Cuyunon, Palaweno, Ilonggo atb.), Bicol (Naga, Legaspi, Bato, Buhi, Catanduanes, Sorsogon, Masbateno, atb., at Ilocano (Ilokos, Abra, Cagayan, Samtay, Ibanag, Bulubundukin, at iba pa.)

Sa lahat ng mga wikang nabanggit, Tagalog ang may pinakamaraming taong gumagamit o nagsasalita (Peneyra, 2003). Ang Wikang Tagalog ay isa sa mga pangunahing wika ng Pilipinas at sinasabing ito ay de facto ngunit hindi de- jure dahil hindi ito ang wika na nakasaad sa batas na siyang batayan ng pambansang Wikang Filipino mula 1961 hanggang 1987. Sa kasalukuyan, ang wikang Tagalog ang siyang pangunahing wika na siyang pinagbatayan ng ating kasalukuyang pambansang wika, ang Filipino.

Batay sa National Statistics Office (2000) na ngayon ay kilala na sa tawag na Philippine Statistic Authority 35.1% ng kabuuang populasyon sa bansa ang gumagamit ng wikang Tagalog. Samantala, tinatayang sinasalita ito ng may 64.3 milyong mga Pilipino, mga 96.4% ng bilang ng tao ng populasyong pangkabahayan (National Statistics Office, 2005). Ito rin ang nangungunang sinasalitang lenguahe sa Luzon, partikular na lalawigan ng Aurora, Bataan, Batangas, Bulacan, Camarines Norte, Cavite, Laguna, Kalakhang Maynila, Nueva Ecija, Quezon, at Rizal. Winiwika rin ang Tagalog ng mga naninirahan sa mga kapuluan ng Lubang, Marinduque, at sa hilaga at silangang bahagi ng Mindoro at sa buong Palawan. (http://nap.psa.gov.ph/sexystats/2013/SS20130830_dialects.asp).

Kung susuriin, ang wikang Tagalog ay isang mayaman at patuloy na yumayaman na wika dahil sa maraming taong gumagamit nito, hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba o varyasyon sa wika.

Kapansin-pansin ang tungkulin ng mga tagapagsalita ng wika sa pag-unlad nito. Dahil sa ang mga tao ang siyang bumubuo sa lipunan at tao rin ang siyang dumidivelo o lumilalang ng kani-kanilang kultura, hindi maiiwasang magkaroon ng pagkakaiba-iba sa paniniwala, gawi, kaalaman at pati na rin sa wikang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan o pakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa. Kaya dito pumapasok ang tinatawag na varayti ng wika o sub-languages na maaaring iklasipika higit sa isang paraan gaya ng idyolek, dayalek, sosyolek, register, estilo, moda, rehiyon, edukasyon, midya, atityud at iba pa. Lahat ng mga nabanggit ay ilan lamang sa mga kaparaanan ng pagkaklasipika ng wika ayon sa gumagamit nito.

May malaki ring kaugnayan o kinalaman ang kultura sa pagkakaroon ng pagbabago at pagkakaiba-iba ng wika sapagkat ang kultura ay hango sa mga tao at ang wika ay nagpapahayag ng espiritu/kaluluwa ng mga tao na bumubuo sa isang lipunan o komunidad.

Sa layuning maiangat ang kawilihan sa komunikatibong pagtuturo ng wika, kultura at kagamitang pampagtuturo, pagsusulit pangwika at iba pang konsern ng edukasyon, ang wikang pasalita ang nagiging mahalagang pokus ng mga kasalukuyang pag-aaral/pananaliksik. Ang interaksyong pangklase sa loob at labas ng klasrum at maging sa iba't ibang dako ng lipunan ang sentro ng pag-aaral. Maging ang wika ng mass- media, lalo na ang brodkast at mga sining na itinatanghal, ay nakatawag din ng di ordinaryong pansin buhat sa mga mananalikisik ngayon sa layuning malaman ang mga uri ng wikang lumalaganap sa kasalukuyan. Sa kabila ng mga ito hindi pa rin masasabing mayaman ang pananaliksik sa larangan ng pasalitang komunikasyon sa Filipino, lalo't higit yaong ginagamitan ng etnometodolohiya o pamamaraan ng mga pag-aaral hinggil sa wika o kultura ng isang grupo ng mga tao o mga pangkat etniko.

Ang rasyonal ng pag-aaral na ito ay makita ang ilang pagbabagong korpus/ mga katangiang angkin sa

istruktura ng Tagalog-Laguna tulad ng pagbigkas, leksikon at ang panghuli, tatangkaing masuri ang ang leksikal na varayti ng Tagalog sa ilang piling bayan sa lalawigan ng Laguna partikular sa bayan ng Alaminos, San Pablo, Liliw, Majayjay, Siniloan, Sta Cruz, at Calamba batay sa domeyn ng varayti gaya ng kultura at paniniwala, produkto at gawi sa mga nasabing lugar tungo sa pagbuo ng teorya sa varayti ng wika.

Itinuon ang kasalukuyang pag-aaral tungkol sa varayti ng Tagalog sa ilang piling bayan ng Lalawigan ng Laguna na inaasahang makatutulong sa pagpapalago at pagbabago ng wikang Filipino at upang mapatunayan ang mga dahilan ng pagkakaroon ng varayti ng Tagalog-Laguna ayon sa mga teoryang pinagbatayan ng pag-aaral.

Homogeneous ang wika kung pare-parehong magsalita ang lahat ng gumagamit nito (Paz, et.al.2003). Samantala, Heterogenous ang wika kung ang paggamit sa isang wika ay magkakaiba. Nag-uugat ang mga barayti ng wika sa pagkakaiba-iba ng mga indibidwal at grupo, maging ng kani-kanilang tirahan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa.

Ang mananaliksik bilang isang guro sa isang pamantasan sa Laguna, ay napansin ang pagkakaiba ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral, katrabaho at iba pang tao sa komunidad sa kabila ng iisang wikang gamit- ang Tagalog. Sa kabila ng parehong wikang gamit madalas hindi nagkakaroon ng pagkakaunawaan ang mga taong naninirahan dito. Dahil dito, nais ng mananaliksik na makabuo ng teorya ukol sa pagkakaroon ng varayti ng wika. Naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong para lalong mapalawak ang ating kaalaman sa varayti at varyasyon ng mga wikang umiiral sa ating bansa. Upang maisakatuparan ito, nais matuklasan ng mananaliksik ang mga sumusunod: kaugnayan ng ibang dayalekto at ibang wika at ang kaugnayan ng kasarian, edad, hanapbuhay, tirahan at tagal ng paninirahan nito sa isang lugar sa pagkakaroon ng varayti sa Tagalog-Laguna.

Sa pag-aaral na ito bibigyang pokus ng mananaliksik ang pagsusuri sa leksikal na varayti ng Tagalog-Laguna tungo sa pagbuo ng teorya sa varayti ng wika. Ang mga informant ay nagmula sa iba't ibang lugar sa lalawigan ng Laguna, partikular na sa Calamba, Alaminos, San Pablo, Siniloan, Sta Cruz, Liliw at Majayjay. Ang mga nabanggit na lugar ay napili dahil ito ay nasa parteng dulo ng lalawigan na halos kalapit na ng ibang bayan ng sumunod na lalawigan. Naniniwala ang mananaliksik na maaring makaapekto sa pag-aaral ang edad, kasarian, hanap-buhay at lugar na kasalukuyang tinitirhan ng mga informant.

1.1 Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang ugnayan ng nabuong teoryang WIKAKULYAN :wika, kultura at ugnayang panlipunan sa varayti ng Tagalog-Laguna. Malaman kung papaanong nagagamit ang wika sa pakkikisalamuha sa iba't ibang antas ng tao sa lipunan. Matunghayan ang relasyon ng wika at kultura sa mga gawaing pang-komunidad, trabaho at iba pang aspeto. Ninanais din ng mananaliksik na matukoy ang koneksyon ng teoryang WIKAKULYAN sa mga wikang ginagamit sa mga piling bayan sa lalawigan ng Laguna. Mabatid ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga wikain na ginagamit at kung paano ito nakaaapekto sa ugnayang sosyal ng bawat mamayan sa lalawigan.

Sa pangkalahatan ang layunin ng pag-aaral ay masuri ang varayti ng Tagalog sa ilang piling bayan ng Laguna, partikular na sa Calamba, Alaminos, San Pablo, Siniloan, Sta Cruz, Liliw at Majayjay tungo sa teoryang nabuo sa varayti ng wika na WIKAKULYAN. Layunin nito na matukoy ang varayti ng Tagalog sa ilang piling lugar sa Laguna ayon sa kaugalian o tradisyon, produkto/gawain sa bawat lugar, at paraan ng pamumuhay. Ganun din ay mailarawan ang ang varayti ng Tagalog-Laguna tungo sa pagbuo ng teorya sa varayti ng wika.

2. Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

2.1 Pag-aaral sa Varayti ng Wikang Filipino. Mula sa pag-aaral ni Gannaban (2007), kailangang masuri ang mga piling linggwistikong at mailarawan ang nabubuonang varayti sa Taguig. Naging batayan ng pag-aaral ang mga nakalap na sa nabubuonang Tagalog varayti sa Taguig. Batay sa mga nailahad na resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon. Malaki ang gampanin o role ng unang wika sa paraan ng pagsasalita ng pangalawang wika. Nagkakaroon ng malaking epekto ang unang wika ng mga interlokyutor sa paraan ng pagbubuo ng salita. Umaalinsunod ito sa teoryang dimensyong heograpikal na nagbubunsod sa pagkakaroon ng linggwistikong dayalekto: ang interference – na may epekto ang L1 at L2: lumitaw sa pag-aaral na iisa pa rin ang hulwaran ng pangungusap (sentence pattern) ng mga di-Tagalog ispiker: ito ay nasa karaniwang ayos, bihirang makita ang pagbabago sa sintaksis/pragmatics ng isang wika sapagkat ito’y nangangailangan ng mahabang paraan ng pag-aaral: Ang edukasyon at uri ng gawain ay hindi nakakaimpluwensya sa mga pagbabagong nagaganap sa istruktura ng Tagalog-Taguig, sapagkat karamihan sa mga kalahok ay nakatapos ng kolehiyo ngunit marami sa kanila ang walang trabaho; ang pagiging heterogenous/ language mixture ng wika ay nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga varayti ng wika. Napipilitang magsalita ng Tagalog ang mga interlokyutor dahil sa mga social forces at sa layuning maunawaan sila at maiparating ang nais nilang ipahayag sa mga kausap, makikita rito ang impluwensya ng ponolohiya, grammar, at istruktura ng kanilang unang wika sa pagsasalita ng Tagalog.

Sa pag-aaral ni Fortunato (1995), nailarawan ang wika sa antas ng diskors kumbersasyonal ng mga tauhan sa mga pinakapusong kabanata ng siyam na nobela. Pitong tungkuling pangwika ang nakitang palasak na ginamit sa kumbersasyon sa pinakapusong kabanata, i.e. pagpapakilala ng sarili, pagpapakilala ng kapwa sa tao, pagpapahayag ng biro, pagpapahayag ng pag-ibig, pagpapahayag ng galit/mura, pagpapahayag ng paghamak, at paghahatid ng malagim/malungkot na impormasyon. Kumakatawan sa iba’t ibang varayti ng wika ang mga diskors kumbersasyonal ng siyam na nobela sa mga hati ng panahon ng kasaysayan : 1) ang varayti ayon sa mga gumagamit ng wika o tauhang nagsasalita ay makikilala batay sa oryentasyong sosyo-kultural ng mga tauhan. 2). Ang varayti ng wika ayon sa gamit at anyo ng wika ay sinuri sa pamamagitan ng deskripsyon ng mga leksikal yunit sa usapan, istrukturang pandiskors, kasama ang konstruksyon ng mga pangunahing component ng pangungusap, paggamit ng metapora o “malalim” na pananagalog at panghihiram ng salita. 3). Nakakaimpluwensya sa uri ng wikang ginamit ang relasyong interpersonal ng mga nag-uusap sa isang pangyayaring pasalita. Batay sa mga nailahad na resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon. Ang mga tungkuling pangwika ay naoobserbahan sa anumang panahon ng nobela. Hindi batayan ang tagpuan para makita ang kaganapan ng mga tungkuling pangwika. Sa pagdaraan ng panahon, iba’t ibang modelo sa paggamit ng wika ang pinipili ng mga nag-uusap para makatugon sa kanilang bawat intension. Nagbabago-bago ang varayti ng wikang ginagamit ng interlokyutor sa paksa ng pag-uusap. Ang pagkakaiba-iba ng uring pinagbuhatan ng mga tauhan sa iba’t ibang sitwasyong pangkumbersasyon, ang relasyon nila sa isa’t isa at mga tagpuan ng usapan ay nagbubunga ng mga varayti ng wika. May espesyal na jargon, slang at salitang ginagamit sa mga makabagong nobela na bahagi ng lenggwage ng mga tauhang nagpoprotesta sa lipunang nakapangingibabaw sa uri nila. At ang panghuli, ang pagbubukas bilang component ng pagkakasunod-sunod (sequencing) sa kumbersasyon ay naganap sa pamamagitan ng apat (4) na paraang ginamit sa lahat ng siyam na nobela.

Sa pag-aaral ni Cebreno (2014), inilarawan ang katangiang heyograpikal at sosyal ng mga Subanen bilang isang etnikong pangkat na naninirahan sa Zamboanga Peninsula. Sa tulong ng pag-aaral, natuklasan ang linggwistikong pagkakaiba ng wikang Subanen sa iba pang mga wika na ginagamit sa mga karatig lugar

gaya ng Lapuyan, Zamboanga del Sur, at Sindangan, Zamboanga del Norte. Naging pangunahing sandigan ng pag-aaral ang pangangalap ng impormasyon ng iba't ibang salitang kultural mula sa siklo ng buhay, pangkabuhayan at pananampalataya na pinagtibay ng indihenus na paraan ng pangangalap ng datos. Natuklasan sa pag-aaral ang varyasyon ng dalawang dayalek na Subanen batay sa varyasyon sa leksikon, morpolohiya, at ponolohiya. Sa huli naging ambag ng pag-aaral ang limitadong dokumentasyon sa pagpapalakas sa natural na katangiang penomena hinggil sa wika na taglay ang tiyak o pekulyaridad na pagkakaiba-iba sa isa't isa.

Pag-aaral din sa varayti ng Zamboanga Semorlan (2012), sinuri ang sosyolingguwistikong sitwasyon ng lalawigan at naging sentro ng pagsusuri ang wikang Chavacano na pangunahing wika sa lalawigan. Ipinakita ang Zamboanga Chavacano-Filipino batay sa paraan ng pagbigkas, paggamit ng pandiwa, at pagbuo ng pangungusap o sintaks. Matapos mailahad at maitala ang mga salita, ipinakita ang pagpasok ng mga ibang salita gaya ng Bisaya, Ingles, at Espanyol bilang ambag sa nabuong Chavacano-Filipino. Naging kongklusyon ng pananaliksik na ang resulta ng pag-aaral ay panimula at pahapyaw na pag-aaral sa pagtingin sa varayti ng wikang Filipino sa lalawigan ng Zamboanga. Ipinakitang hindi naiiba ang wika sa iba pang mga wika maliban sa tono ng pagbigkas bilang katangian ng wika na hawig sa wikang Bisaya at Tausug. Ipinakita sa pag-aaral ni Caliwangan (2012), ang kaibahan at natatanging paraan ng paggamit ng mga Ilokano ng wikang Filipino. Ipinakita sa pag-aaral ang pangingibabaw ng ilang katangian ng katutubong wika sa paggamit ng Filipino. Nagbigay ng iba't ibang senaryo at sitwasyon bilang batayan ng pag-aaral na naging sandigan upang mailarawan at maihambing ang nabuong varyasyon ng wikang Ilokano. Mula sa paraang deskriptib at komparatib na pinagtibay ng teorya sa varayti at baryasyon ng wika partikular ang interference phenomenon kung saan ipinakita ang impluwensiya ng Filipino sa wikang Ilokano sa paglalarawan ng nabubuong uring varati ng wika. Ipinakita ang impluwensiya ng unang wika sa umuusbong na linggwa franca na makikita sa bigkas, leksikon, morpolohiya, at sintaktika. Nagkaroon ng limang bahagi ang papel: impluwensyang ponolohikal, morpolohikal, leksikal, sintaktik, sosyolingguwistik o kultural. Pinagtibay ng kanyang pag-aaral na ang kaalaman sa katutubong wika ay kasangkot sa pagkatuto at paggamit ng ikalawang wika. Ipinakita niya ang kahalagahan ng impluwensiya at pakikialam ng mga katutubong wika gaya ng Ilokano sa pagbuo ng varayting Ilokano-Filipino.

Naipakita ni Rubin at Paz (2012) ang pagpapalutang ng tanging varayti na kaisa ng wika mula sa diyalekto ng Tagalog mula sa bayan ng Angono, Rizal. Inilarawan ng pag-aaral ang katangiang panlingguwistikong bayan. Masusing ipinakita ang ponolohiya sa punto ng pagbigkas, sa leksikon sa pamamagitan ng proseso ng pagbabanghay ng salitang pang-uri at pandiwa at tiyak na gamit ng mga nakalap na salita sa tiyak na pangungusap o pahayag. Ipinakita ng pag-aaral ang mayamang diyalekto ng Tagalog-Angono. Ang mayamang salita ng mga taga-Angono ay sumasalamin din sa mayaman nilang kultura, kalikasan, at pakikipag-ugnayan sa kapwa. Sa tulong ng pag-aaral inaasahang magiging panimulang gawain ito upang isulong ang wika ng lalawigan at pambansang wika.

Ambag ng Waray sa Pambansang Lingua Franca ang naging tuon ng pag-aaral ni Peregrino (2005) na napabilang sa kalipunan ng mga artikulo sa Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Wika. Ipinakita ng pag-aaral ang malaking ambag ng wikang Waray sa pagbuo ng pambansang lingua franca. Kasabay nito ang ambag ng wikang Waray sa pag-unlad ng wikang pambansa. Layunin ng papel na imulat ang bawat isa sa paraan kung paano dapat pahalagahan ang wika mula sa iba't ibang wikang umiiral sa bansa upang patunayan na hindi dapat nakabatay ang pambansang wika sa iisang wika lamang. Naging daan ang pag-aaral na ito upang patunayan na ang wika ay pantay-pantay, walang nakahihigit o nakalalamang na wika sa isa't isa. Ginamit na batayan ng pag-aaral ang pagtatampok sa wikang Waray sa

pamamagitan ng pagsusuri ng ponolohiya, morpolohiya, at sintaks. Mula sa pagsusuri sa pangunahing batayang panggramatika, naging batayan ito sa pagtalakay ng batayang kaalaman sa varayti at varyasyon ng wika at naging daan sa komprehensibong pagtalakay ng varayti ng Filipino. Binigyang-diin ng pag-aaral na kinakailangang maging malawak ang pang-unawa at pag-unawa sa pag-unlad o development ng wika upang maiwasan ang mga maling palagay sa wika. Hinikayat ng pag-aaral na palawakin ang pag-aambag ng iba't ibang wika tungo sa pagbuo ng wikang pambansa mula sa mga varayti ng wika.

Malaki ang ambag ng ginawang pag-aaral ni Samar (2011) sa kasalukuyang pag-aaral. Naging tuon ni Samar ang mga pagkain sa lungsod ng San Pablo, Laguna na pinamagatang Tagalog-Laguna Haron Baga? Ilang Tala sa Pagtula at Paghahanap, at Pagkain. Ang pag-aaral na ito ay napabilang sa AMBAGAN 2011: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas. Detalyadong isinalaysay ng pag-aaral ang mga salitang kaugnay sa pagkain. Nagbigay ng mga lahok na salita mula sa proseso, gamit sa pagluluto, at mismong mga tiyak na pagkain ang pag-aaral. Mula sa mga salitang ito, iniugnay at isinahog ang mga salita sa pagdalumat sa proseso ng pagtatala at pagtula. Bagamat hindi linggwistikal ang paraan ng pagsusuri, naging komprehensibong tala ang pag-aaral upang maitugma at maging balidasyon ng mga iba pang salita na umiiral sa San Pablo partikular sa domeyn ng pagkain na kuhanan ng iba't ibang leksikal aytem.

Pagpapalawak sa batayang kaalaman sa varayti at baryasyon ng wika ni Ocampo (2002), layuning ambag ng pananaliksik ang panimulang pagsisiyasat sa sitwasyon ng lingua franca sa lalawigan ng Palawan. Naging matibay na sandigan ang paggamit ng mga historikal na datos tungo sa panimulang dayokronikong pagsusuri. Ang datos ay nagmula sa paglilibot o “suroy-suroy” sa iba't ibang bahagi ng lalawigan mula Cuyo-Busuanga sa hilaga hanggang Balabac sa timog. Sa paglilibot pinansin at itinala ang mga salita bilang batayang pagsusuri sa lingua franca sa Palawan. Ipinakita ng pag-aaral ang hugis o uri ng Filipino sa lalawigan batay sa pagtalakay ng ponolohiya, morpolohiya, at ang iba pang paraan sa varyabilidad ng wika sa lalawigan. Naging matibay na rekomendasyon ng pananaliksik ang pagpapayaman sa pag-aambag ng mga salita. Ipinakita ng pag-aaral ang hakbang-hakbang o paunti-unti o “painot-inot” na proseso na kapag nakasanayan ay magiging gawi at kultura para sa pagpapayaman ng lingua franca ng lalawigan at ng Filipino bilang pambansang wika.

Sa pag-aaral ni Villanueva (2012), napatunayan nito na ang salita ay nabubuo at napaparami sa pamamagitan ng pag-uulit, paglalapi at pagtatambal. Dito nya inilathala ang dayalektikal na varayti ng Pateros Tagalog sa domeyn ng balutan. At itinala ang iba't ibang rejister na mayroon ang mga taga-Pateros na may kinalaman sa kanilang kabuhayaan- ang pagbabalot. Napatunayan din sa pag-aaral na ito na may ugnayan ang iba't ibang varayti dahil sa pagkakahawig at pagkakapareho ng mga salita.

Sa pag-aaral nina Macatabon at Calibayan (2016), may natatanging varayti at varyasyon din ang wikang B'laan. Ang pagkakaibaiba ng mga leksikal na aytem at paraan ng pagkakabuo ng mga salita ng bawat pangkat ng tribung B'laan ay patunay lamang na ang wika ay hindi homogeneous. Bagamat iba-iba ang mga salitang ginagamit na panumbas sa mga bagay-bagay at paraan ng pagbuo ng mga salita ng tribung B'laan sa dalawang munisipalidad ay naiintindihan pa rin ng bawat tagapagsalita ang kanyang katribu dahil nagsasalita lang sila ng magkaibang dayalek ng isang wika kaya nagkakaintindihan pa rin sila. Sa pag-aaral na ito pinatunayan din na nagkakaroon ng varayti sa wikang gamit ang mga tao sa kabila ng parehong probinsya na tinitirahan nito.

Napatunayan naman sa pag-aaral ni Pasion (2014) na kahit pa sabihing iisang wika lamang ang ginagamit, may pagkakataon pa ring maaaring hindi magkaintindihan ng tinutukoy ang tao lalo na kung ang nag-uusap ay nagmula sa magkaibang lugar. Gayunpaman, dahil nga nagmula sa isang wika, natural lamang na kahit may bahid na ng pagbabago, makikita pa rin ang pagkakatulad ng mga salita mula sa apat na lugar.

Sa pag-aaral nya sa pelikulang “Thy Womb” at sa wikang Sama Badjao na nakapaloob dito, natuklasan ni Cubillan (2017), ang mga sumusunod: (1) malinaw na ipinakita ang rehistro ng wika sa pelikula, (2) lumabas na may varayti ng wika ang pelikula, at (3) napatunayan ding may pagkakaiba at pagkakatulad ang mga ponema sa mga wikang Sama Badjao kung ikukumpara sa ponemang Filipino. Sa kabuuan, bawat wika ay may kanya-kanyang likas na katangian at kakayahang magagamit ng isang pangkat tulad ng pangkat Badjao na may wikang Sama Badjao na naiimpluwensyahan ng iba pang wikain mula sa mga kalapit na mga lugar o kaya’y manadarayuhan o mananakop ng bansa. Kapansin-pansin ang mga rehistro at varayti ng wika sa wikang Sama Badjao at kahit na may panghihiram o palit koda ay makikita pa ring may sariling tunog ang mga ponema ng Sama Badjao na naiiba sa mga ponema sa wikang Filipino na nakakatulong sa pag-unlad ng wikang Filipino.

Ayon sa teorya ni Nuncio (2010) na PiliFilipino, nararapat na may middle structure ang wika. Hango ito sa sinabi ni N. Chomsky (sa Searle 1971) na mayroong surface structure (paimbabaw) at deep structure (ubod) ang wika. Iginiit ni Nuncio na nararapat na may pumapagitna sa dalawang level na ito, ang middle structure na tatawaging lalim ng wika. Ito ang nawawala sa kayarian ng wikang Filipino. Sa madaling salita, walang lalim ang wika dahil walang gramatikang nakaugat sa internal na himpilan ng kamalayan. Tanging ang malakas at dominanteng paimbabaw na puwersa na mula sa iba’t ibang direksyon, ideolohiya, adbokasi ang kasalukuyan ang nagiging sandigan at batayan sa pagbabagong pangwika. Sa ngayon hangga’t di matutugunan ang kakulangan sa lalim at ubod ng Wikang Filipino, ang paimbabaw na level ng wika ang tumatayong stratehiya sa pagpili, pagpilipit at pagpipilit na lumabas ang kakanyahan ng wika. Subalit hanggang kailan ito tatagal? Binigyang-diin din nya ang ilang pananaw tungkol sa paimbabaw na lebel ng wika. Ito ay ang mga sumusunod: (1) Kasalukuyang nililina pa rin ang wika mula sa pinagbatayang wikang Tagalog at ang nakalululang hamon na paglinang nito mula sa mga katuwang na wika sa bansa, (2) Mabilis na paglaganap ng Taglish sa iba’t ibang domain ng kaalaman at praktika, (3) Interbensyon ng estado, grupo/institusyon, media na nakakaapekto sa menu ng pagpili, pamimilit at pagpilipit sa wikang Filipino.

Sa kasalukuyan, Ang Wikang Filipino ay Taglish – wikang bunga ng eksposyur sa midya, paimbabaw at walang malinaw na gramatika (kung meron man contingent ito at nakabatay sa talastasang publiko), ang wikang “maiintelektuwalisa ayon kay Bonifacio Sibayan” (sipi mula kay Sison-Buban 2006).

Ang pagbaybay ng mga hiram na salita at paglahok nito sa sintaktikang anyo ng pangungusap ay nakakiling sa Ingles. Hal. Nakaka-turn-off naman ‘yang friend mo. So, yabang! Marahil sa mga Manileno o elistang namimilipit magFilipino o mag-Ingles, ito ang makabagong syntax sa palabuan ng pangungusap. Laganap din ito sa broadcast media, showbiz, advertisement, interbyu sa mga politiko at kabataang cosmopolitan kuno ang oryentasyon sa kasalukyan.

Ang tinatawag na code-switching ng mga dalubwika ay totoo namang di code-switching dahil ganito naman ang kaayusan at kayarian ng pangungusap sa mga wikang lubos-lubos ang panghihiram ng mga salita. Wala nang switching na nagaganap dahil lantaran na itong lumilitaw sa mga diskursong gamit ang Wikang Filipino. Syntactic-semantic substitution ang nagaganap dahil ang paggamit ng i-, pag-, mag-, nag-, kaka-, um-, na- ay sadyang naghihintay ng halinhinang mga salitang banyaga o hiram nagiging structurally flexible sa formang Taglish. Hal. i-zerox, pag-zerox, mag-zerox, kaka-zerox, um-attend, um-increase, um-order, um-answer.

Ngunit ang ating wika ay buhay at hindi maiiwasan ang pagbabago nito. Lahat ng buhay na wika (natural languages) ay dumaraan sa mahabang panahon ng pagbabago at madalas hindi developmental ang yugto ng pinagdadaan nito kundi retardasyon at tuluyang pagkawala. Alam natin ang magiging kahihinatnan

ng maramihang puwersang pangwika na paimbabaw na nagtatalo-talo at naghahalo-halo sa isip at kamalayan ng tao. Higit pa riyan, nagpapaubaya at nagpaparaya ang mga ispiker-tagapakinig ng wika dahil wala silang masandigang internal na lohika o gramatika ng wikang naririnig at nababasa nila. Alalahanin natin ang sinabi ni Quito (1989):

“Hanggang ngayon, tayo ay nasasadlak sa kabulukan ng Taglish. Ang maikling kasaysayang ito ng wika sa ating bansa ay nagpapahiwatig ng dalawang bagay. Una: pagkatapos ng 88 taon, hindi pa rin maaaring sabihin na ang Pilipino ay natuto na ng wikang Ingles; at ikalawa, lumaganap ang isang bulok na wika, ang Taglish, na hindi Ingles at hindi Filipino.”

Pero tandaan parin natin na hindi ang wikang Ingles ang kalaban natin. Maaaring matuto ang isang tao ng higit pa sa dalawang wika. At kapag sinabi nating kakayahang bilingual o multilingual, nararapat na magkapantay ang kabihasaan ng isang tao sa pagbasa, pagsulat, pakikinig at pagbigkas sa mga wikang ito. Hindi tingi-tingi. Ang problema’y kapabayaang at ang nagpapaubaya na sa darating na panahon. Kung kaya’t nangyari ang iba’t ibang direksyon at agendang pangwika na batay sa interes ng iilan at uso ng panahon. Ang iba’t ibang direksyong ito ay unti-unting nawawala’t namamatay, unti-unti nauungusan ng malalaking diskurso tulad ng globalisasyon, industriyalisasyon at postmodernismo. Kung kaya’t sa ating bayan mismo, nagtatalaban ang mga ito at naiiwang nakatindig ang mapanuksong alternatibo – ang gawing wikang opisyal at panturo ang Ingles.

Ang pagpili ng Filipino bilang wika ay mangyayari sa kailaliman ng kanyang isip at kung magkagayon malayong-malayong mabubuwal nang agad-agaran ang Filipino (tao at wika) sa daluyong ng pagbabago sa mundo at lipunang ginagalawan. Ang PiliFilipino ay panimulang pagtatangka sa pagteteorya sa wika at analisis ng Wikang Filipino na may sandamakmak na varayti. Inisyal na hakbang ito sa binubuong teorya ng wika at sa implikasyon nito na ang istruktura ng Wikang Filipino ay dapat nakaangkla sa lalim at ubod ng wika o sa gramatika (prescriptive) at pre-grammar (individuated inscription) ng isang tao. Ang paimbabaw na wika’y di maglalaon ang magiging natural na wika (descriptive) na gagamitin ng mamamayan. Ang PiliFilipino ay kritikal at istrategikong pagpili ng taong malay sa ubod at lalim ng kanyang wika upang maging kanyang wika sa pakikipagtalastasan, pamimilosopiya, paghahanapbuhay, pagkrikritika at iba’t ibang komunikatibong sitwasyon at pagkilos. Kung kaya’t ibalik natin ang wika sa kaibuturan ng kamalayan natin at di lamang sa sanga-sangang dila ng gahum.

Kapansin-pansin na isang umuusbong pa lamang na larangan sa Pilipinas ang pag-aaral sa varayti ng wika. Hindi pa gaanong marami at kakapal ang pag-aaral mula sa mga tesis at disertasyon at may pailan-ilang nasisingit lamang na pananaliksik ukol sa varayti ng wika sa mga journal (Constantino, 2012). Gayunpaman, nagbigay-kaugnayan ang naging pag-aaral sa iba’t ibang lugar o lalawigan sa pagpapalakas ng pagbibigay-kaalaman ukol sa varyabilidad ng wika. Bawat wika sa iba’t ibang pag-aaral ay nagpakita ng bukod-tanging katangian sa aspektong ponolohiya, morpolohiya, sintaktika, at semantika. Naging kasangkapan ang pagbabalik-tanaw sa mga naunang pag-aaral upang gumawa rin ng katulad na pag-aaral ngunit nagtangkang bumuo ng sariling teorya. Sa mga naunang pag-aaral ipinakita ang paggamit at pagpapalawak lamang ng mga banyagang teorya sa larangang pangwika. Ito ang inspirasyon ng kasalukuyang pag-aaral na suriin ang iba’t ibang leksikal aytem ng pitong piling bayan ng Laguna tungo sa layuning makabuo ng sariling teorya bilang ambag sa larangan ng pag-aaral sa varayti at baryasyon ng wika.

2.2 Leksikal na Aytem. Sa bahaging ito makikita ang mga batayang konsepto na sasandigan upang masuri ang iba’t ibang leksikal aytem tungo sa pagbuo ng teoryang pangwika sa varyabilidad ng wika.

Tinatayang ika-18 siglo nang simulan ang interes sa pag-aaral sa varyabilidad ng wika sa ilalim ng

larangan ng Sosyolinggwistiks (Cobbett nasa Williams, 1992). Umusbong ang interes sa pag-aaral sa varyabilidad ng wika kaugnay ng relasyon ng wika estruktura ng lipunan. Naging sentral itong simula upang lalong lumawak ang teorya, konsepto, at idea na iniugnay sa iba't ibang larangan partikular sa pagtuturo at pagkatuto.

Unang naging produkto ng mga isinagawang pag-aaral ang pag-usbong ng sosyolinggwistikong teorya na ipinalalagay na ang wika ay para sa indibidwal o pantao. Bawat tao ay may sariling istilo o pamamaraan ng pagpapahayag o idyolek. Kaya naging malinaw na ang argumento na bukas sa pagkakaiba-iba ang wika dahil bawat tao ay may kakayahang bumuo ng sari-sariling representasyon ng wika. Gamit ang wika ng bawat isa magiging daan ito sa ugnayang panlipunan o sosyalisasyon (Sapir, 1914). Ibig sabihin, walang mangyayaring ugnayang panlipunan kung walang wikang gagamitin para sa ugnayan ng mga indibidwal. Ang wika samakatuwid ang magiging daan sa solidaridad o pagkakaisa sa mga tao sa kabila ng pagkakaiba-iba rin ng kani-kanilang wika. Tumutugma ito sa pagtanaw na hindi magagamit ang wika na taglay ng tao kung hindi ito gagamitin sa paraang kolektibo (Saussure, 1915). Samakatuwid ang wika ang nagbibigkis sa mga mamamayan para sa ugnayang panlipunan. Mula sa palagay ni Saussure pinag-ugnay niya ang langue at parole. Ang langue ay set o mga gawaing pangwika na daan sa bawat tao na umintindi at maintindihan sa proseso ng pakikipag-ugnayan samantala ang parole ay ang mismong wika na ginagamit at instrumento sa pagpapahayag o pakikipagtalastasan. Mahalaga ang langue dahil ito ay produkto ng ugnayang panlipunan dulot ng kakayahang magsalita na binuo at pinagkasunduan ng grupong etnolinggwistiko para gamitin ng bawat kasapi ng pangkat. Mula sa naunang teoryang ito, pinagtibay ang pagtanaw na heterogenous ang wika (Fishman, 1980). Ipinapaliwanag nito ang pagkakaiba-iba ng wika dahil may magkakaibang lugar na tinitirhan ang mga tao. Ang lugar ang nagbibigay-hugis sa interes, gawain, at iba pang aspektong panlipunan. Dito sa teoryang ito pinalawak ang pagtanaw na ang wika ay hindi lamang simpleng tulay sa pakikipagtalastasan kung hindi isang kolektibong puwersa ng iba't ibang grupo ng tao na may iba't ibang anyo ng gawaing panlipunan gaya ng kultura. Ang naunang pananaw ang nagpatibay na isang penomenon o katangian ang pagkakaroon ng varyabilidad ng wika. Ang varayti o pagkakaroon ng iba't ibang wika ay makikita sa dalawang aspekto: heograpiko (dayalek) at sosyal o panlipunan (sosyolek). Ang dalawang dimensyong ito ng sanhi ng pagkakaiba-iba ng wika ay nagtatagpo sa isang komunidad (Corder, 1982). Bagamat malinaw na ipinapakita ang natural na dahilan ng pagkakaiba-iba, umusbong ang mga ilang suliranin gaya ng hirarkiya sa pagitan ng mga uri kung saan nagsimula ring pag-aralan ang varayti ng wika. Lalong lumakas ang pag-aaral para patunayan ang kalikasan at kaligiran ng varayti ng wika na walang mataas o mababa kung hindi pantay-pantay ang wika. Sa ganitong pananaw lumutang ang konsepto ng varyabilidad ng wika (Labov, 1972). Naging malinaw itong paliwanag sa pagiging natural na katangian ng mga wika na iba-iba pero hindi dapat pagmulan ng pagtingin na may wikang mababa o mataas, istandard at hindi istandard. Isa pang teoryang kaugnay sa varayti ng wika ang teorya ng akomodasyon ni Howard Giles. Dito nakapaloob ang linguistic convergence at linguistic divergence. Ang linguistic convergence ay paggamit o pagtangkilik sa wika ng grupong kinabibilangan o pinag-aaralan bilang tanda ng pakikiisa o pagsang-ayon samantalang ang linguistic divergence o hindi naman pakikiisa sa pangkat. Litaw sa teoryang ito ang atityud o pagpapahalaga ng tao sa wikang gagamitin sa pakikipagtalastasan.

3. Disenyo ng Pag-aaral at Pangangalap ng Datos

3.1 Disenyo. Ang paraang ginamit ng mananaliksik upang makakuha ng kabatiran para sa kasalukuyang pag-aaral sa pagsusuri sa varayti ng Tagalog-Laguna tungo sa pagbuo ng teorya sa wika ay ang palarawang

pananaliksik o deskriptiv na paraan. Ayon kay Racasa (2005) ang deskriptiv na pamamaraan ay naglalarawan ng kalagayan ng isang bagay o pangyayari upang makabuo ng panandaliang pahayag mula sa natuklasang karanasan. Partikular na gagamitin ang deskriptiv-sarbey sa pag-aaral na may pamamaraang kwalitatibo. Ito ang ginamit ng mananaliksik upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral na mailarawan at masuri ang leksikal na varayti ng Tagalog-Laguna sa ilang piling lugar sa lalawigan ng Laguna.

3.2 Lugar at Kalahok sa Pag-aaral . Ang pag-aaral ay isasagawa sa ilang piling lugar sa lalawigan ng Laguna, partikular na sa Calamba, Alaminos, San Pablo, Siniloan, Sta Cruz, Liliw at Majayjay. Ang Laguna ay pangatlo sa pinakamalaking probinsya ng rehiyon IV-A CALABARZON, na may 3,035,081 na populasyon (Philippine Census, 2015). Ito ay matatagpuan sa parteng Timog-Silangan ng Metro Manila, Timog ng Rizal, Kanluran ng Quezon, sa may Hilaga ng Batangas at Silangan ng Cavite. Ang pitong (7) lugar na nabanggit kung saan isasagawa ang pag-aaral ay dulong parte ng Laguna kung saan malapit sa karatig lugar ng ibang bayan. Ang mga lugar ay napili dahil nga sa lapit nito sa karatig bayan ay maaring magresulta ito sa mas mabilis na palitan ng kultura at wika na maaring makaapekto sa pagkakaroon ng varayti sa wika. Bukod pa rito, bagamat parehong Tagalog ang dayalekto ng Laguna, Cavite, Quezon, Metro Manila at Batangas, magkakaiba naman ito ng kultura.

Bukod pa rito, kakaunting pag-aaral pa lamang ang naiisagawa sa mga dulong parte ng lalawigan at nais ng mananaliksik na makapag-ambag ng isang panibagong pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mamamayang higit sampung taong naninirahan sa mga bayan ng Calamba, Alaminos, San Pablo, Siniloan, Liliw, Sta Cruz, at Majayjay, mula sa rural at urban na may iba't ibang tungkuli ginagampanan sa kanilang lipunang ginagalawan na nasa iba't ibang gulang, kasarian at anumang katayuan sa buhay. Sa pamamagitan ng mga nabanggit na katangian, kukuha ang mananaliksik ng dalawampung kalahok na magsisilbing tagasagot sa bawat lugar. Sa pagpili ng mga kalahok ginamit ang convenience at purposive sampling para maisagawa nang maayos at mabisa ang pananaliksik.

3.3 Pangangalap ng Datos. Isinaalang-alang ang mga sumusunod na hakbang sa pangangalap ng datos. Ang un ay ang pagsusuri sa mga pangunahing dokumento, mga aklat at mga talao katha ng mga matatandang manunulat sa mga lugar na sangkop sa pag-aaral. Itinala ang mga salita batay sa domeyn sa pamamagitan ng mga talatanungan o surbey kwestyoneyr. Nagsagawa ng surbey na binubuo ng tatlong bahagi: tumatalakay sa ilang personal na impormasyon, ang pagtatala ng mga salita sa bawat lugar na sangkot sa pag-aaral sa ilalim ng iba't ibang domeyn at pagtatanong kung ang mga salitang naitala ay lubos na nauunawaan o di-lubos na nauunawaan. Pagkatapos nito ay ang aktuwal na panayam sa pagitan ng kalahok at mananaliksik. Sinundan ito ng pagbabalideyt sa mga kalahok o informant sa mga nakalap na salita batay sa domeyn kung ito ba ay nauunawaan at ginagamit sa lugar o may iba pang salitang katumbas nito sa lugar. Matapos maipabalideyt ay pinangkat ang mga salita batay sa categoryang kinakailangan nito. Ang mga salitang nalikom mula sa ikalawang bahagi ng surbey ay pinangkat ayon sa domeyn na may kinalaman sa kaugalian o tradisyon, produkot/gawain sa lugar at paraan ng pamumuhay. Matapos mapangkat ay ginawa ang pag-aanalisa ng mga kinalabasan ng pagsusuri tungo sa pagbuo ng teorya sa barayti ng wika. Ginamit ang mga datos na sinuri sa pagbuo g teorya sa pagkakaroon ng barayti ng wika sa mga lugar na tiningnan sa pag-aaral.

4. Kinalabasan ng Pag-aaral

Ang lalawigan ng Laguna bilang lunsaran na mapaghahanguan ng iba't ibang varayti ng salita mula sa kaugalian, tradisyon, paraan ng pamumuhay, at tiyak na produkto ang magiging batayan sa varayti ng wika

na taglay nila. Magkabuhol ang wika at kultura kung kaya litaw ang mahigpit na ugnayan ng wika at kultura sa mga leksikal na aytem ng mga piling bayan ng Laguna. Ang Laguna ay bahagi ng rehiyong CALABARZON. Matatagpuan ang lalawigan sa timog-silangan ng Kalakhang Maynila, timog ng lalawigan ng Rizal, kanluran ng Quezon, hilaga ng Batangas, at silangan ng Cavite. Halos pinapalibutan ang Laguna ng Laguna de Bay, ang pinakamalaking lawa sa bansa. Nakuha ng lalawigan ang pangalan nito mula sa Kastilang salita na lago, na nangangahulugang lawa. Malaki ang gampanin ng lawa sa paghubog ng pekulyaridad ng mga salita sa bawat piling bayan ng Laguna mula sa iba't ibang paniniwala, tradisyon, gawaing pangkabuhayan, at iba't ibang produkto.

4.1 Kaugalian at Tradisyon

Bawat lalawigan na binubuo ng iba't ibang bayan ay mayroong pinagsasaluhang kaugalian at tradisyon. Ang kaugalian at tradisyon ng bawat bayan ay lumilikha ng katangiang arbitraryo ng wika. Ang wikang nabubuo na hinubog ng mayamang kaugalian at tradisyon ang nagbibigay-ugnayan sa mga mamamayan ng komunidad pangwika ng mga piling bayan ng Laguna.

Talahanayan Blg. 1:

Mga Salita Ukol sa Kaugalian o Tradisyon ng mga Piling Bayan ng Laguna

Yugto/Siklo ng Buhay	Mga Salita
• Panganganak	bigkis, bunso, hilot, lihi, inunan lampin, lumagsang kabuwanan, kumadrona nagdadalantao naglilihi, panganay, panubigan, suhi, supling, tag-umanak buhos tubig, buhusan, handog, hinaw, kumare
• Binyag	kumpare, marekoy, padamit, paghahanda/handaan pagsisindi ng kandila, pakimkim, parekoy, regalo tampahan
• Kasal	antala, aras, balae, basagan, bayaw biyenang, biyenang babae, biyenang lalaki, dapit, disperas hipag, kabaysan, manugang, manunulungan punsyunan, sangkutsa, bilik, baysan/baysanan bilas, bisperas, bulungan, haggis bigas, harana, lipatan pag-iisang dibdib, paglagay sa tahimik, pagsabog ng bigas pagtataling puso, pamamanhikan, pasayaw, sabitan singsing o anilyo, subuan ng leche flan/keyk, sukob sa taon
• Pamamanhikan	bigay-kaya, paghingi ng kamay, pagkakasundo pagkuha ng damit, pamamanhikan, pamulong
• Patay/Libing	apatnapuan, abuloy, abuluyan, babang luksa burol, huling lamay, lamay, libing luksa, lungkasan, pasiyam/siyaman, yumao

Talahanayan 2:

Salita Kaugnay sa Pagdiriwang o Pista

Salita	Bayan	Kaligiran/Kahulugan
Anilag -Ani ng Laguna	Sta. Cruz ang lugar ng pagdiriwang na nilalahukan ng	Selebrasyon ng pasasalamat ng buong lalawigan. Itinatampok

-La Laguna Festival	lahat ng bayan ng lalawigan sa Laguna	ang pan gunahing produkto gaya ng buko pie, espasol, kakanin mula sa balinghoy o kamoteng kahoy na kilalang <i>cassava cake</i> . Nais ng pagdiriwang na magtipon-tipon at magkaisa ang lahat ng bayan upang kilalanin ang mayamang kultura ng buong lalawigan. Tuwing ikalawang linggo ng Marso isinasagawa ang pagdiriwang. Isinasabay ang pagdiriwang sa anibersaryo ng pagkakatatag ng buong lalawigan.
AniLinang -linang	Majayjay	Selebrasyon ng masaganang ani sa kabukiran o linang ng buong bayan ng Majayjay. Itinatampok sa pagdiriwang ang mayamang kultura, turismo, at kabuhayan ng bayan.
Buhayani -adobe o 'yaring banga' -banga -bayani -buhayin ang bayani -kalan -kalan-banga	Calamba	Pinagyamang selebrasyon ng lungsod mula sa dating tuon na pagdiriwang sa promosyon ng produktong tampok sa Lungsod ng Calamba. Ang bagong bihis na pagdiriwang ay pagbuhay rin sa pangunahing tatak ng buong lalawigan, si Dr. Jose Rizal ang pambansang bayani na anak ng Calamba. Sa pagdiriwang kinikilala ang mga Natatanging Traysikel Drayber, Natatanging Tagawalis sa Kalye, Natatanging Pulis Trapiko, Natatanging Mangingisda, Natatanging Magsasaka, Natatanging Mangingisda, Natatanging Manggagamot, Natatanging Mananaliksik, at Natatanging Lingkod-Bayan. Samakatuwid, binibigyang-buhay ng pagdiriwang ang pagpaparangal

		sa mga buhay na bayani na buong pamayanan o Lungsod ng Calamba.
Coco -Cocunut Honey at Rice Pudding -mura -sinukmani	San Pablo	Ito ay ginaganap tuwing ika-15 ng Enero taun-taon bilang pasasalamat sa masaganang ani ng “mura” o niyog. Kasama sa selebrasyon ang pagtatampok sa iba’t ibang pagkakakilanlan ng lungsod gaya ng pagkain, sayawan, tradisyon, at pagkilala sa Lakan at Mutya ng San Pablo.
Coramblan -Trenchera	Alaminos	Ipinagdiriwang tuwing sasapit ang buwan ng Oktubre bilang pasasalamat sa mayamang ani ng tatlong pangunahing produkto ng bayan: Niyog, Rambutan, at Lanzones. Pasasalamat ang pagdiriwang sa patrona ng bayan na si Nuestra Señora del Pilar.
Guilingan -Buruwisan -Batya-batya -Giling-giling -kalamay -pagbuo ng dekorasyon -paggiling ng bigas -paghahabi	Siniloan	Ito ay pagdiriwang tuwing Huling Biyernes sa buwan ng Agosto bilang pasasalamat sa patnubay ng kanilang mga patron na sina San Pedro at San Pablo. Itinatampok sa pagdiriwang ang pagpapahalaga sa mga pangunahing industriya na pinagmumulan ng kabuhatan ng mga mamamayan sa bayan.
Kesong Puti -Bagumbayan -manu-manong pagkuha ng gatas	Sta. Cruz	Ipinagdiriwang tuwing sasapit ang ika-7 hanggang 12 ng Marso. Bukod sa pagkilala sa mga bukod-tanging mamamayan ng lungsod, santong pinag-aalayan ng panalangin, binibigyang-halaga ang pangunahing pagkakakilanlan ng lungsod, ang produktong kesong puti.
Tsinelas -Badong -Gat Tayaw Tsinelas	Liliw	Ito ay taunang selebrasyon ng bayan bilang promosyon ng kabuhatan at turismo kaugnay

-Higanteng Tsinelas -zumbanelas		ng tsinelas na pangunahing kabuhayan o industriya ng bayan.
------------------------------------	--	---

Ang kultural na pagkakakilanlan ay maituturing na pundasyon ng kaunlaran ng bawat bayan. Makikita ito sa iba't ibang pista o pagdiriwang na mayroon ang mga piling bayan ng Laguna. Sa pista bilang bahagi ng tradisyon nabuo ang iba't ibang konsepto at ideya na bahagi ng kalinangang bayan. Mamamalas sa kabuoan ng pista ang ugnayang pinagyanan ng iba't ibang gawaing pangkamunidad at pagtatampok ng iba't ibang tradisyon gaya ng mga pagkain o putaheng nagpatanyag sa bawat bayan. Kadikit ng pista ang kasaysayan mula sa mga kuwentong bayan, at iba pa. Nagbibigay-kulay at kasiyahan ang pista bilang gawaing pangkomunidad na nakapagdaragdag sa korpus ng mga salita sa bawat komunidad ng mga piling bayan ng Laguna gaya ng Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Mabitac, Siniloan, at Majayjay. Sa Lalawigan ng Laguna, bawat lungsod at bayan ay may natatanging pista o pagdiriwang na nagpapakita ng kaibahan at kaakuhan na nagbibigay-tibay sa ugnayan ng kasapi ng komunidad pangwika.

Ang bawat bayan ay may natatanging pagdiriwang ng pista na ikinakabit sa Katolikong paniniwala ng mga mamamayan. Ang pista ay pagpaparangal sa itinuturing na santo, patron, o patrona ng bawat bayan na siyang pinapaniwalaang nagbibigay-gabay sa buong kabuhayan ng bawat bayan. Ang Pista ng Anilag mula sa Bayan ng Majayjay ay iniaalay ang selebrasyon sa kanilang santo na si San Gregorio Magno. Ang Buhayani ng Lungsod ng Calamba ay pasasalamat sa pinaniniwalaang patron na pumapatnubay sa mg bayani ng bayan na si San Juan Bautista. Ang Pista ng Coco ng San Pablo ay alay naman kay San Pablo ang Unang Ermitanyo. Pinararangalan naman ng mga taga-Alaminos kasabay ng pagdiriwang ng Coramblan si Nuestra Senora del Pilar. Ang kapistahan naman ng Siniloan na Guilingan ay parangal sa mga santong sina San Pablo at San Pedro. Pinasasalamatan ng mga taga-Sta Cruz si Imaculada Concepcion. Litaw na litaw sa iba't ibang pagdiriwang, selebrasyon, at pista ang salitang kaugnay ng paniniwala o relihiyon. Ang pista at iba pang pagdiriwang bilang pasasalamat ay nagbigay ng salitang bahagi ng pagkakakilanlan ng bawat bayan.

4.2 Produkto/Gawain.

Kadikit ng iba't ibang uri ng kabuhayan ang iba't ibang produktong nalilikha ng mga mamamayan sa bawat komunidad pangwika. Sa umpisa'y personal at pampamilyang konsumpsyon ngunit katagalan ay naging industriya ng bawat bayan sa anyong pasalubong at OTOP o one town, one product ng bayan. Ang mga produkto na hinubog ng tiyak na kagamitan o bagay sa paglikha nito mula sa iba't ibang yugto at proseso ay nagbigay ng mga salitang bahagi ng mayamang pagkakakilanlan ng bawat bayan. Samakatuwid, bawat produktong nalilikha ay nagbibigay-identidad sa bayan kaakibat ang mga leksikal aytem o salitang nabuo rito mula sa yugto ng produksyon, distribusyon, at konsumpsyon ng mga nasabing produkto mula sa iba't ibang bayan.

Talahanayan 3

Salita Kaugnay sa Produkto ng Bayan

Produkto o Sikat na Pagkakakilanlan	alangan, atsarang ubod, banig, bikeng-bikeng, binayong saging, buslo, cassava cake, balot, kalamay, puti,kinilaw	balinghoy, bayong, benowelos bibingka, buko pie	espaol, halaya, hinalo, itlog kayumanggi makapuno, kesong
-------------------------------------	--	---	---

kulawo,	lain,	lambanog,	lanzones,	macapuno
minani,	minukmok,	nata de coco,	pulutang palitaw,	pinya
pitong lawa,	resort,	sagimis,	sagube,	sarubot
sinaludsod,	sinugaok,	sinukmani,	tamales,	tikoy
tsing-aling,	tuba,	ube,	undi-undi	

Ang iba't ibang produktong nalikha ay resulta ng ugnayang kapaligiran-mamamayan ng mga kasapi ng bawat bayan o komunidad pangwika. Karaniwang ang mga produktong pagkain ay nagmula sa mga hilaw na sangkap na gaya ng prutas, gulay, o halaman at isda. Kasama rin sa pagkakakilanlan ang tiyak na pook na itinuturing na pook-pasyalan ng bawat bayan.

4.3 Paraan ng Pamumuhay

Ang bawat bayan ay nakauunawa at nakararanas ng pangyayari sa daigdig sa mga paraang bukod-tangi lamang sa kanilang wika at kultura (Fermin, 2002). Ang hanapbuhay ay salik na nakaugat sa iba't ibang karanasan ukol sa iba't ibang uri ng trabaho at pinagkakakitaan ng mga mamamayan sa bawat bayan. Ang paraan ng pamumuhay ay mayamang karanasan na nagbigay sa maigting na ugnayan ng wika, kultura, at ugnayang panlipunan. Ang mga salita kaugnay sa paraan ng pamumuhay ay may tiyak na batayan o pekulyaridad na makikita sa iba't ibang leksikal aytem.

Talahanayan 4 Salita Kaugnay sa Paghahalaman

SALITA	Iba't Ibang Uri ng Paghahalaman				
Paghahalaman	Gulayan				
	anihan,	apaya,	araro,	balag,	balukay,
	binhi,	biyahero,	bugsok,	bukid,	buking,
	dapog,	dapugan,	dapulak,	dasi,	dulos,
	gapas,	giik,	gilingan,	gite,	gulayan,
	guyabin,	haras,	impake,	ipot,	iras,
	kampit,	karet,	kutitap,	lastay,	linang,
	lundoy,	ngusong kabayo,	pabahagi	pag-aabuno,	pag-ani,
	pagbabalag,	pagbobomba,	paggagahok,	pagpupungos,	pagpupunla
	pakyaw,	paod,	parang,	patik,	pitass,
	pute,	sibol,	singkang,	suyod,	tenant,
	tinge,	tubo,	tudling,	tulos,	pagtutulos,
	uhod,	uod,	urang,	uway	
	Prutasan				
	bubot,	buslo,	hilaw,	hinog,	kaing,
	dalanghita	daranghita,	kalamunding		lanzonesan
	mananimot,	mamumulot,	niyugan,	pagbobomba,	pagpapausok
	pagpupunla,	pagputi,	pamamakyaw,	prutasan,	rambutanan
	Niyugan				

alangan,	bagaybay,	bao,	barang,	bingi,	buko
cocolisap,	halabas,	kopra,	lawis,	layog,	mag-iipon,
magkakawit,	magtatapas,	manlilikay,	mura,	pababa,	pag-iipon
pagkukupra,	pagpapaniyog,	pagtatapas,		panlilikay	
puaw,	supang,	takaran,	tampok,	tubo,	tumpok
uang					

Talahanayan 5

Salita Kaugnay sa Pangisdaan

SALITA	Pangisdaan
Pangisdaan	amihan, aplaya, arwana mamale, baklad, banyera
	baybayin, biyagan, boya, bural, daong, gasera
	gurame, habagat, habagat, itang, kaing, kanyoka
	korolon, lambat, laot, lunday, magbabaklad, magbobobo
	mamamalakaya, mamamante, maminigwit, mangingitang, manlalapang
	mata ng lambat, pagkakasta, pagtitibog, pag-uula, pakyaw, palakaya
	palaot, pamalakaya, pamamanti, pamaoy, pamimingwit, pamimiwas
	pampang/pang-pang papalaot, parkado, parola, pukot
	regaton, sagwan, sakadora, salap, salapan, salapang
	seket, talipapa, tinge, tikin, tiklis, tiksak

Ang Laguna ay biniyayaan ng mayamang kalikasan na nagbigay ng iba't ibang likas yaman. Bukod sa yamang hatid ng kalikasan, nagbigay ito ng mayamang korpus ng mga salita. Ang iba't ibang salita sa aspektong pangkabuhatan ay nagmula sa produktong gulay at prutas na lumalagong sektor agrikultural at industriya sa lalawigan. Ambag ng prutas at gulay ang kabuhatan gayundin ang mga salitang pagkakakilanlan ng bawat bayan at buong lalawigan. Bukod sa mga tiyak na uri ng halamang gulay at prutas gaya ng rambutan, lanzones, at niyog na sikat sa bayang sakop ng pag-aaral, tiyak na kadikit ng mga nabanggit na prutas ang mga salitang may kinalaman sa tiyak na gamit sa iba't ibang yugto o proseso ng paghahalaman mula pagtatanim hanggang pag-aani at mga prosesong kasangkapan upang malinang at mapagyan ang mga halamang bahagi ng pinagmulang kabuhatan ng bawat bayan.

Bukod sa paghahalaman, pinagpala rin ang Laguna sa anyo ng tubig. Kilalang-kilala sa lalawigan ang pinakamalaking lawa sa Pilipinas, ang Lawa ng Laguna. Kaya naman, hindi kataka-takang nakadikit ang uri ng kabuhatan sa lawa o pangisda. Tulad ng gawain na may kaugnayan sa paghahalaman, ang pangisda sa lawa ay mayamang kuhanan ng iba't ibang leksikal aytem na pinagtibay ng ugnayang panlipuan mula sa uri ng isda, iba't ibang paraan ng pangisda, kagamitan, at iba pang gawaing kadikit ng buhay ng isang mangisda sa lawa.



Pigura 1: Ugnayang Konsepto, Termino, at Proposisyon sa Paghubog ng Teoryang WIKAKULYAN

Makikita sa pigura ang nagsasalakupan o magkakaugnay na batayang kaalaman ukol pagkakabuo ng WIKAKULYAN bilang ambag na teorya sa pag-aaral ng varayti ng wika. Ang konsepto, termino, at proposisyon ang nagiging salik upang mapalutang ang pagkakabuo ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayan. Ang konsepto ay tumutukoy sa ibinungang karanasan na katangiang pangwika ng iba't ibang bayan na naging resulta ng iba't ibang gawaing kultural na arbitraryong kasangkot ang bawat mamamayan. Sa konsepto makikita ang mayaman at pinagyamang karanasan sa iba't ibang panahon sa bawat komunidad pangwika. Samantala, ang termino ay tumutukoy sa iba't ibang leksikal aytem mula sa iba't ibang bayan na naging resulta ng iba't ibang ugnayang kultural o panlipunan mula sa karanasang pinagsasaluhan ng mga mamamayan. Sa termino makikita ang iba't ibang salita na nakapaloob sa siklo ng buhay mula sa kapanganakan, pag-aasawa, at kamatayan. Kasama sa termino ang iba't ibang salita mula sa gawaing pangkabuhayan o pinagkakakitaan ng mga mamamayan na nakadikit sa kapaligiran o kalikasan. Mula sa ugnayang konsepto at termino, uusbong ang iba't ibang paliwanag o diskurso bilang proposisyon sa teoryang pangwika partikular sa WIKAKULYAN na lunsaran sa pagpapakahulugan sa relasyon ng wika, kultura, at ugnayan mula sa kaalamang nakapaloob sa konsepto, termino, at proposisyon. Bilang mahalagang proposisyon sa nabuong WIKAKULYAN na teorya sa pag-aaral ng varayti ng wika, natural o katangiang pangwika ang varyabilidad na taglay nito. Ibig sabihin, natural na katangian o penomenon ang pagkakaiba-iba ng varayti ng wika. Ang pagkakaroon ng varyasyon o pagkakaiba ng isang wika ay katangiang heterogeneous ng wika. Nagiging magkakaiba-iba ang wika sa isang pamayanan dulot ng magkakaibang anyo o pangkat ng tao na mayroong magkakaibang lugar ng tirahan, interes, pinag-aaralan, gawain, o salik panlipunan. Bukod sa pagiging instrumento ng wika sa pakikipagkomunikasyon o ugnayang panlipunan, nagiging malakas itong puwersang panlipunan dahil sa kolektibismong umiiral sa mga kasapi ng pamayanan. Iba-iba man ang wika, napagsasama-sama ang magkakaibang kultural at panlipunang gawain ng mga tao sa komunidad pangwika dulot pa rin ng wika, kultura, at ugnayan. Ang konsepto ay karanasang pinagsasaluhan na nagbigay ng iba't ibang termino mula sa komunidad pangwika ng lipunan na nagbibigay-diskurso bilang proposisyon sa varyabilidad ng wika o pagkakaiba-iba ng wika. Sa teoryang variability concept (William, 1970), tumutukoy na natural na katangian o penomenong pangwika ang pagkakaiba at pagkakaroon ng varayti ng isang wika. Mula sa pagkakaiba-iba ng wika dulot ng salik heograpikal at sosyal o panlipunan, mas mainam na tingnan ang pagkakapantay-pantay ng mga varayti ng wika: walang mataas o mababa. Ang pagkakaroon ng varayti ng wika ay tiyak na katangian ng wika na may kaugnayan sa sosyo-sitwasyunal na pangunahing magpapakilala sa isang

tiyak o partikular na varyasyon o varayti ng wika (Liwanag, 1998). Ang pagkakaiba o varyasyon ng wika ay tiyak na makikita sa mga tiyak na salita at paraan ng pagsasalita. Sa tiyak na konteksto, mababakas ang katangiang taglay ng wika batay sa paraan ng pagbigkas, tono, uri, at ang mismong mga leksikal aytem mula sa iba't ibang domeyn na pangwika. Kaugnay ng teorya ng varyabilidad ng wika, nagkakaiba man ang paraan ng bigkas o pananalita ng mga mamamayan sa komunidad pangwika, pantay-pantay ang mga wika na kaugnay ng kultura ng bawat komunidad pangwika at instrumento sa ugnayang panlipunan. Bilang buod ng varyabilidad sa natural at penomenong pangwika, umusbong ang teorya ng akomodasyon na madalas nakadikit sa pagkatuto ng wika. Sa teoryang ito, nakatuon ang ipinanukala ni Howard Giles (2007), ang mamamayan o indibidwal na kasangkot sa iba't ibang sitwasyong pangwika. Ang sitwasyong pangwika ang magiging bukal ng konsepto na pagmumulan ng mayamang karanasan mula sa iba't ibang gawaing panlipunan. Nagbibay ng dalawang malinaw na konsepto ang teorya ng akomodasyon: linggwistikang pakikisa (linguistic convergence) at linggwistikang di-pakikiisa (linguistic divergence). Sa linguistic convergence, dahil sa ugnayan ng tao, nabubuo ang pakikiisa at pagkikipagpalagayang-loob na nagiging dahilan ng paggaya o pagsunod sa wika. Natutuhan ang wika bilang indikasyon ng pakikiisa at pakikisama. Ang bahagi o katangiang pangwika ng pakikiisa ng isang kasapi ng komunidad pangwika ay nagiging batayan ng pagkakakilanlan o identidad na nagiging daan upang maipagmalaki ng indibidwal na kabilang siya sa isang tiyak na etnolinggwistikong pangkat. Samantala, ang linguistic divergence ang pagpapamalas ng pagbuo ng sariling pagkakakilanlan o paraan ng pagsasalita bilang pagpapakita ng hindi pagsang-ayon o hindi pakikiisa sa grupo o pangkat. Nagiging sanhi ng ganitong tugon o atityud pangwika ang pagkakaroon ng iba't ibang paniniwala, ideolohiya, o pananaw na maaaring kadikit ng iba't ibang kinaanibang pangkat gaya ng relihiyon, gawaing pangkabuhayan, propesyon, at iba pang panlipunang salik. Magkagayon man, nagtatagpo pa rin sa unawaan ang iba't ibang grupo ng tao sa isang komunidad pangwika dulot ng iba't ibang paraan upang maging makabuluhan ang wika sa pangunahing layunin at gamit nito sa pakikipag-ugnayan o pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan ng pagtatagpo para sa ugnayan at unawaan, lilitaw ang pangunahing isinusulong ng varyabilidad ng wika na walang superyor o imperyor na wika.



Figura 2: Ugnayang Konsepto, Termino, at Proposisyon Bilang Ubod ng Teorya


Sa pigura, makikita ang panuro na kumakatawan sa tiyak na bayan na pagmumulan ng iba't ibang leksikal aytem. Ang isang panuro ay kumakatawan sa isang tiyak na komunidad pangwika. Ang panuro na kumakatawan sa komunidad pangwika ang pinagmumulan ng karanasan. Ang pinagsasaluhang karanasan ay nagmumula sa ugnayang panlipunan na makikita sa iba't ibang tradisyon, kabuhayan, at paniniwala ng mga mamamayan. Ang iba't ibang salita o leksikal aytem ng bawat komunidad pangwika ay nanggaling sa iba't ibang karanasan na pinagtibay ng tradisyon, kabuhayan, at paniniwala. Mula sa mga salita na ambag ng iba't ibang karanasan, makikita ang pekulyaridad ng relasyong wika, kultura, at ugnayan. Bawat komunidad pangwika na kumakatawan o nakapaloob sa isang tiyak na panuro ay may tiyak na iba't ibang salita o karanasan dahil sa natatanging kontekstong heyograpikal at sosyal. Sa ganitong aspekto lumilitaw

ang natural na katangian ng varyabilidad ng wika. Sa loob ng panuro nakapaloob ang wika at kultura bilang tuon ng komunidad pangwika na magiging daan sa ugnayang panlipunan. Ang wika at kultura na sangkap ng ugnayan ay mamamalas ang tiyak na pekulyaridad ng wika na sa loob ng panuro ay nagpapakita ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayan. Ang wika, kultura, at ugnayan ay nabuo mula sa mamamayan na may iba't ibang edad, kasarian, trabaho, interes, at iba't ibang gawaing panlipunan. Pantay-pantay ang mga salik na ito sa pagbuo ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayan bilang teoryang WIKAKULYAN na hindi kakikitaan ng agwat o pagitan bilang salita o wikang mataas o mababa.



Pigura 3: Ugnayang Konsepto, Termino, at Proposisyon Bilang Sangkap ng Teorya

Ang iba't ibang batayang teorya, konsepto at pananaw ukol sa varyabilidad ng wika bilang lunsaran sa pagbuo ng WIKAKULYAN ay ilan lamang sa batayang teoretikal na mayroong implikasyon sa prosesong pagtuturo at pagkatuto ng wika. Malaki ang implikasyon ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayan sa pagtataguyod ng Filipino bilang wikang pambansa na humaharap sa dinamismo ng pagbabagong pangkapaligiran at panlipunan.



Pigura 4 : WIKAKULYAN: Pagtatagpo ng Iba't Ibang Varayti ng Wika sa Komunidad Pangwika ng Pitong Bayan ng Laguna

Pitong piling bayan sa lalawigan ng Laguna ang naging lunsaran sa pananaliksik na lumikha ng pinagbatayang teorya sa varayti at baryasyon ng wika. Bawat bayan ay kumakatawan sa isang panuro. Ang bawat bayan na katumbas ng panuro ay nagbigay ng iba't ibang salita mula sa iba't ibang domeyn pangwika. Bawat bayan na katumbas ng panuro ay pantay-pantay sa pagkakaroon ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayan na naging pangunahing sangkap sa binuong teorya sa varayti ng wika. Bagamat iba't ibang ang karanasan ng bawat bayan sa aspektong heograpikal at panlipunan, pinagtatagpo pa rin ang mga bayan para sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng lalawigan. Walang mataas o mababang wika at kultura sa nililikhang ugnayan ng bawat bayan sa iba pang kalapit-bayan upang maipamalas ang identidad o pagkakakilanlang Lagunense. Ang iba't ibang leksikal aytem mula sa mga piling bayan ng Laguna mula sa mga salitang iniambag ng siklo ng buhay: kapanganakan, binyag, panganganak, pag-aasawa, patay, at paglilibing; gawaing pangkabuhayan: paghahalaman, pangisdaan, paghahayupan, at turismo na lumikha ng mga salita sa iba't ibang produktong agrikultural. Sa mga pagkakataong nagkakaroon ng pagkakaiba bilang natural at penomenang pangwika, hindi ito nagiging sagabal sa mithiing talastasan o komunikasyon dahil sa tatak-Lagunense na hinubog ng relasyon ng wika, kultura, at ugnayang panlipunan.

Maituturing na ambag ng pag-aaral ang nabuong teoryang WIKAKULYAN. Isang teoryang tumalima at nagbigay-suporta sa mga isinulong na naunang teorya. Subalit, ang WIKAKULYAN ay nagbigay-ano sa bagong pananaw at prinsipyong pinagtagpo sa karanasan at kontekstong Lagunense at Pilipino. Sa mga nakalipas na pag-aaral, karaniwang ginagamit na batayan ang iba't ibang teoryang pinagtibay ng mga dalubwikang banyaga. Sa pagkakataong ito, naging matangkain ang pag-aaral na bumuo ng teoryang magiging batayan sa pagpapayaman ng pananaliksik kaugnay ng varyabilidad ng wika sa iba't ibang kalinangang bayan. Ang pagbuo ng teoryang WIKAKULYAN ay nagmula sa paradima ng pag-aaral upang makakalap ng mga salita o leksikal aytem mula sa iba't ibang komunidad pangwika. Nag-umpisa sa pangangalap ng mga salita sa pamamagitan ng sarbey at panayam. Naging bunga nito ang masinsing pagtatala ng mga salita na tinumbasan ng iba't ibang pagpapakahulugang kultural. Ang mga salita sa iba't ibang domeyn pangwika na hinubog ng karanasan mula sa iba't ibang gawaing panlipunan kadikit ng pananaw sa daigdig ang naging punto ng pagsusuri ng mga salita upang matukoy ang tiyak o pekulyar na katangiang leksikal ng mga salita sa pitong bayan ng Laguna. Mula sa pagkakategorisa at paghahanay ng mga salita sa piling pitong bayan, nailapat ang komprehensibong pagsusuri ukol sa katumpakan ng katangiang leksikal ng mga salita na nagbigay-puwang sa paglabas ng teoryang WIKAKULYAN.

Ang WIKAKULYAN ay isang teoryang magpapatibay sa relasyon ng wika, kultura, at ugnayang panlipunan na masasalamatin sa iba't gawaing pangkomunidad ng mga piling bayan ng Laguna.

Ang kalipunang nabuo mula sa iba't ibang leksikal ay umiikot sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mamamayan. Ang karanasang pinagsasaluhan ng iba't ibang bayan na kumakatawan sa iba't ibang komunidad pangwika ay umiikot sa siklo ng kanilang buhay. Ang mga salitang pinagsasaluhan ng mga mamamayan ay nagmula sa yugto ng kapanganakan o pagsilang, pag-aasawa o kasal, hanggang kamatayan at paglilibing. Sa yugtong ito ng buhay ng mga mamamayan lumabas ang mga salitang nakadikit sa paniniwala at tradisyon. Hindi maihihiwalay sa siklo ng buhay ang iba't ibang uri ng hanapbuhay na hinubog ng kinagisnang kapaligiran at ugnayang panlipunan. Ang mga salita na mayroong kaugnayan sa hanapbuhay ang nagbibigkis sa relasyon ng wika, kultura, at ugnayan. Sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng kabuhayan na maaaring paghahalaman, paghahayupan, pangisdaan o gawaing agrikultural at turismo, nagluwal ito ng iba't ibang mga salita sa mga produktong nalilikha na karaniwang pagkain, bagay, at iba pang materyal na kultura na hinubog ng paligid at nagbunga ng gawaing pangkabuhayan. Sa kabuoan ang mga salita mula siklo ng buhay, gawaing pangkabuhayan, at iba't ibang produkto ng bawat piling bayan

ng lalawigan ng Laguna ay kumakatawan sa kanilang kakanyahan bilang bayan na hinubog ng wika, kultura, at ugnayan. Samakatuwid, ang iba't ibang leksikal aytem batay sa isinagawang kategorya ay malinaw na sumasalamin sa pagkakakilanlan o identidad ng pitong bayan na nagbibigay-hugis sa pagkakakilanlan ng lalawigan ng Laguna.

Sa kabuoan batay sa resulta ng isinagawang pangangalap ng datos mula sa pinagsanib na sarbey at panayam, lumalabas sa kabuuan na may bilang na 335 salita. Ang mga nakalap na salita ay nagmula sa iba't ibang domeyn pangwika na nagbigay-diin sa relasyon ng wika, kultura, at ugnayang panlipunan.

Mula sa iba't ibang salita ang pinagbatayan ay ang binuong kategorya: siklo ng buhay, gawaing pangkabuhayan, at iba't ibang pagkakakilanlang produkto nagmula ang mga salitang naging patunay at palatandaan ng umiral at umiiral na pekulyaridad na varayri ng wika sa piling bayan ng Laguna. Nakita sa iba't ibang salita mula sa mga kategorya ang katangiang dinamiko ng wika. Ang mga salitang nakalap ay nilapatan ng pagsusuri at naging kapansin-pansin ang tiyak na katangian ng mga salita sa aspekto ng pagbabago o varyabilidad ng wika. Naging malinaw na palatandaan sa katangian ng varayti ng wika mula sa iba't ibang domeyn pangwika ang pagkakaroon ng iba't ibang anyo ng salita subalit iisa ang kahulugan, iisang uri ng salita subalit nagbabago ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas, pagbabagong morpoponemiko batay sa asimilasyon, metatesis, pagkakaltas, malalayang pagpapalitan ng ponema, at paglilipat-diin na hindi nagbabago ang kahulugan ng salita. Nakita sa resulta batay sa malalimang panayam na hindi nagiging sagabal ang maliliit o gradwal na varyasyon ng wika dulot ng salik heyograpiko at panlipunan dahil sa distansya at pagkakawangis ng katayuang panlipunan ng bawat bayan na pinagyaman ng kinagisnang kapaligiran.

Ang iba't ibang salita ang itinuring na termino samantala ang mga salitang nabuo ay nagmula sa iba't ibang karanasang panlipunan na naging tuon ng konsepto. Mula rito lumitaw ang proposisyon ukol sa varyabilidad ng wika o leksikal aytem ng piling pitong bayan sa lalawigan ng Laguna bilang proposisyong pangwika. Ang termino, konsepto, at proposisyon ang batayan ng pagkakabuo ng WIKAKULYAN bilang teoryang nagpayaman at nagpatunay sa mga nauna nang teoryang pangwika gaya ng varyabilidad ng wika, teorya ng akomodasyon, at haypotesis nina Sapir at Whorf. Ang WIKAKULYAN bilang pinagyamang teorya ay pagpapatibay na bawat bayan ay pantay-pantay sa pagkakaroon ng karanasan na hinubog ng ugnayang panlipunan. Walang mataas na salita na nagbibigay-daan sa relasyon ng wika, kultura, at ugnayan. Pantay-pantay itong pinagsama-sama ng komunidad pangwika ng iba't ibang mamamayan na kasapi ng komunidad o pamayanan mula sa iba't ibang edad, kasarian, hanapbuhay, o anumang aspektong panlipunan. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga salita mula sa iba't ibang bayan na ang naging lunsaran ay ang piling pitong bayan ng lalawigan ng Laguna, malinaw pa rin na nangingibabaw ang unawaan patungo sa layunin ng ugnayang panlipunan.

5. Kongklusyon sa Resulta ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay panimulang pagtingin sa varayti ng Tagalog-Laguna mula sa piling pitong bayan gaya ng Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Sta Cruz, Siniloan, at Majayjay. Hindi naman masasabing naiiba ang wikang Tagalog-Laguna sa mga piling bayang naging lunsaran ng iba't ibang salita dahil malinaw na bawat bayan ay may tiyak na karanasang hinubog ng kapaligiran at pananaw sa daigdig ng mga mamamayan. Ang iba't ibang salita mula sa kategorya: siklo ng buhay, gawaing pangkabuhayan, produktong pagkakakilanlan ay pinagmumulan ng katangi-tanging paraan ng pagbuo ng salita na nagpakita ng natatanging pekulyaridad ng ambag ng mga wika mula sa bayan ng Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Sta Cruz, Siniloan, at Majayjay sa lalawigan ng Laguna. Nagakakaroon man ng

pagkakaiba-iba ang mga wika sa iba't ibang bayan batay sa pagbabagong morpoponimiko, nagagwang magkaroon pa rin ng ugnayang panlipunan at pag-unawa dahil sa pinagsasaluhang kultura at pagkakakilanalan.

Ang pagkakaiba-iba o varyabilidad ng mga wika mula sa iba't ibang bayan sa Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Mabita, Siniloan, at Majayjay sa lalawigan ng Laguna ay nagmula sa heograpi at panlipunang salik na pinagtagpo ng iba't ibang edad, kasarian, at hanapbuhay. Gayunpaman, hindi ito lubusang nagiging hadlang sa ugnayang panlipunan. Samakatuwid malinaw ang relasyon ng wika, kultura, at ugnayan bilang mukha ng teoryang WIKAKULYAN.

6. Rekomendasyon Batay sa naging Resulta ng Pag-aaral

Umiikot ang pagpapayaman ng pambansang wika sa pagpapalano, pagbuo, at implementasyon ng mga programa at polisiyang pangwika sa iba't ibang domeyn pangwika bilang larangang pagbabatayan. Ang sumusunod ang mga mungkahi mula sa isinagawang pag-aaral kaugnay ng ginagamit na teoryang WIKAKULYAN na ang naging sandigan ay ang mga salita sa piling pitong bayan gaya ng Liliw, Calamba, Alaminos, San Pablo, Mabita, Siniloan, at Majayjay:

Sa programang pampamahalaan ng bawat bayan, nawa'y mapagayaman ang relasyon ng wika, kultura, at ugnayan. Mahalagang magkaroon ng mga proyektong pambayan at panlungsod upang malinang ang mayamang wika at kultura ng bawat bayan. Isang malinaw na rekomendasyon ang pagbuo ng mga programang may kinalaman sa pagpapaunawa ng mga wika sa iba't ibang gawaing panlipunan. Makatutulong ang pagbibigay ng mga gawaing magpapalakas sa pagkakakilanlan ng bayan mula sa wika at kultura na taglay ng bawat bayan o lungsod. Marapat na magsagawa ng iba't ibang gawaing magbibigay-daan upang masinop na malikom ang mga salita at magagamit ng mga mamamayan upang hindi tuluyang mawala o mamatay. Ang mga seminar o talakayan at pagtatanghal ng mga salitang tatak ng bawat bayan ay iminumungkahing makita sa mga karatula, promosyon ng turismo, paskil sa iba't ibang establisyemento, iba't ibang uri ng publikasyon, at marami pang paraan. Mainam na mahikayat ng lokal na pamahalaan ng mga mayroong kakayahang magtala, maglikom, at manaliksik ng mga bukod-tanging wika at kultura ng bawat bayan upang maging tiyak na hakbang sa pagpapaunlad ng bayan at lalawigan ng Laguna.

Sa implikasyong pedagogikal, mapagtuunan ng pantas at mga bumubuo ng kurikulum ang mahalagang pag-unawa sa batayang kaalaman sa varyabilidad ng wika. Dapat itong tingnan bilang isang dinamismo ng wika at taglay at natural na nangyayari sa lahat ng wika. Kaya naman, mahalagang magkaroon ng kalibrasyon ang kurikulum upang makarating mga salid-aralan ang mahalagang kaalaman ng mga mag-aaral na lahat ng wika ay pantay-pantay mula sa pag-alam sa katangian ng wika na bukas sa pagbabago. Sa tulong ng pagbibigay-importansya lampas sa paksang varayti at baryasyon ng wika, mahalagang magkaroon ng mga tiyak na paraan kung paano dapat ituro at iproseso ang paksa at nilalaman kaugnay sa varyabilidad ng wika. Marapat na sanayin ang mga guro na hindi lamang dapat ipakita ang pagkakaiba-iba ng wika kung hindi mahalagang masuri ito sa iba't ibang kaugnayang panlipunan gaya ng kultura, ekonomiya, kasaysayan, o karanasan ng lipunang pinagmumulan ng wikang dapat bigyang-pansin. Malaki ang gampanin ng kurikulum upang maging akma ang dulong, estratehiya, metodo, at kagamitang pampagtuturo ukol sa paksang varayti ng wika. Malaking oportunidad ang paksang varayti at baryasyon ng wika sa paglikha ng iba't ibang anyo ng kagamitang pampagtuturo na nilapatan ng sipat pananaliksik (action-based research).

Kaugnay ng mga susunod na pag-aaral sa lunsarang wika ng iba't ibang lalawigan o iba't ibang domeyn

at komunidad pangwika, marapat na maging daan ito upang lubusang matalakay at maipaunawa ang konsepto ng varayti ng wika sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay sa diyalektal at heyograpikal na aspekto upang maiugnay sa konteksto ng pagbuo ng wikang pambansa. Marapat ding kasabay na pinagaaralan ang mga varayti ng wika sa iba't ibang lalawigan o bayan ay bigyang-lalim ang pagsasama ng iba't iba pang uri ng varayti ng wika mula sa mga sosyal at okupasyunal na varayti. Dulot ng masinsing pag-aaral sa varyabilidad ng wika mula sa iba't ibang etnolinggwistikong pangkat, magiging matibay itong sandigan upang lalong maging malinaw ang isasagawang paglalapat ng pagpaplanong pangwika nang mapaunlad ang wikang pambansa lampas sa makalumang pananaw na hadlang sa pagbubuklod ng bansa ang marami at iba-ibang wika. Sa susunod na pananaliksik sa wika ng Laguna, iminumungkahing pagtuunan ng pansin ang lahat ng bayan at lungsod sa buong lalawigan at mas palawakin ang sakop ng pag-aaral kaugnay ng linggwistiko at heyograpikong varayti, panlipunang varayti, pang-okupasyong varayti, at pang-akademyang varayti. Iminumungkahing mula sa mga salitang nakalap sa iba't ibang bayan ay komprehensibong paghambingin ang mga salita batay sa paraang ponolohikal, morpolohikal, sintaktikal, at semantikal. Sa ganitong paraan ay makikita na sa kabila ng iba-ibang wika ay nangingibabaw pa rin ang myutwal na unawaan ng buong lalawigan.

Kaugnay ng pagpapalawak ng kaalaman at karunungan sa paksang varayti at baryasyon ng wika, bagamat bagong maituturing na larangan ang varyabilidad ng wika kaugnay ng Socilonguistics, magiging mayamang batayan ito ng napakaraming oportunidad upang mapagtuunan ng pansin ng iba pang uri ng pagsusuri. Palawakin ang gawaing pag-aaral at pananaliksik sa iba't ibang register o varayti bilang konseptong papel, tesis, at disertasyon upang maibalik ang yaman sa pinagmulang bayan, lungsod, o lalawigan.

6. Mga Sanggunian

1. Caliwanagan, E. A. (2012). *Diak maawatan : Unang Sulyap sa Ilokano varayti ng Filipino sa salindaw: vaarayti at baryasyon ng filipino nina peregrino, constantino Ocampo at petras*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino at Unibersidad ng Pilipinas
2. Cebrero, J. C. (2014). *Betad pedlagamit: Isang Pag-aaral sa mga varyasyon ng wikang subanen sa Zamboanga Peninzula . HASAAN : Opisyal na Journal sa Filipino ng Santo Tomas , San Juan Metro, Manila : Paragon Printing Corporation*.
3. Constantino, P. C. (1993). *Varayti at Varyasyon ng Wika: Historya, Teorya at Praktika*. Quezon City : Nasa Minanga, Sentro ng Wikang Filipino
4. Constantino, P. (2002). *Pluralidad tungo sa Identidad : Ang varayti ng wikang Filipino Sa pagbuo ng wika at kamalayang pambansa*. Minanga: *Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*, Peregrino, J. et.al. (pp 55-59). Quezo City :Sistemang Unibersidad ng Pilipinas
5. Fermin, Edizon. “*Mga Varayti at Varyasyong Antropolohiko: Pagsilip sa mga Hibla’t Habi ng Wika, Kultura, at Lipunan.*” Sa *Minanga : Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Peregrino, et.al. Quezon City:Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
6. Fortunato, T. (1995). *Mga varayti ng wika sa mga piling nobelang Tagalog na nasulat mula 1900 hanggang 1993*.
7. Maynila. Pamantasang Normal ng Pilipinas : *Isang Di-nalathalang disertasyon Gannaban , F. (2007). Pagsususri ng mga linggwistikong aytem sa pasalitang diskurso: Isang Paglalarawan ng tagalog varayti sa Taguig*. Isang Di- nalathalang Disertasyon. Maynila. Pamantasang Normal ng Pilipinas.

8. Giles, H., and Ogay, T. (2007). *Communication Theory*. In B.B Whaley & W Samter (eds.) Explaining communication: Contemporary theories and examples (pp.293-310).
9. Liwanag, L. B. (1998). *Ang Register ng Filipino na Ginagamit ng mga Estudyante sa Pamantasang Normal ng Pilipinas*. Papel na Binasa sa Pambansang Seminar ng Pambansang Samahan ng Wika, UP, 1993 at sa Internasyunal Kumperensya sa Filipino. 1998.
10. Ocampo, N. S. (1993). *Suroy-Suroy sa Palanan: Varayti ng Filipino sa Isang Multi-Etnikong Probinsya*. Papel na Binasa sa Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Wika, UP
11. Ocampo, N. (2002). *Mga Varayti ng wika. Minanga : Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Peregrino, et.al. Quezon City ;Sistemang Unibersidad ng Pilipinas .
12. Paz, Rubin, Ligaya at Vina. (2012). “Mula Sa Isa Ngunit Naiba: Paglalarawan ng Varayti ng Tagalog sa Angono, Rizal. sa SALINDAW: Varayti at Baryasyon ng Filipino nina Peregrino, Constantino, Ocampo, at Petras. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino at Unibersidad ng Pilipinas.
13. Peregrino , J. (2002). Minanga: Mga Babasahin sa varayti at varyasyon ng filipino . Quezon City: Sistemang Unibersidad ng Pilipinas
14. Rubin, Ligaya at Paz, Vina (2012). *Msa isa ngunit naiba: Paglalarawan ng varayti ng tagalog sa ongono , rizal*
15. *sa salindaw: varayti at baryasyon ng filipino* nina peregrino , constantino, Ocampo at petras. Quezon City:
16. Sentro ng Wikang Filipino at Unibersidad ng Pilipinas
17. Samar , E. C. (2011). “*Haron Baga*” *ilang tala sa pagtula , paghahanap at pagkain*” nasa ambagan 2011: Mga salita
18. mula sa iba’t ibang wika sa filipinas. Quezon City: The University of the Philippines Press
19. Sanchez sa Aklat ni Gracia (2003). *Ang deskriptibong pananaliksik. Hinango sa [https://www.scribd.com/document/357073629/ Kabanata-III-Filipino](https://www.scribd.com/document/357073629/Kabanata-III-Filipino).*
20. Sapir, Edward.(1949). *Selected Writing. D. Mendelbaum* (ed.) Berkeley: University of California Press. (1921). *Language*. New York : Harcourt, Brace & Company.
21. Villanueva , V. (2012). *Panimulang Pag-aaral sa varayti ng tagalog-pateros sa domeyn ng balutan* .retrieved
22. from:<https://ejournals.ph/article.php?id=6218>
23. Williams, Glyn. (1992). *Sociolinguistics*. London: Routledge.